

Disaster Recovery Centers Open in St. Clair County

Release Date: Setyembre 30, 2024

SPRINGFIELD – Dalawang Sentro para sa Pagbangon mula sa Kalamidad ng FEMA/Estado ang magbubukas sa Martes, Oktubre 1, 2024, upang tulungan ang mga residente na simulan ang kanilang pagbangon matapos ang malalakas na bagyo, buhawi, malalakas na hangin, at pagbaha noong Hulyo 13 - 16, 2024.

Ang mga espesyalista mula sa FEMA, estado ng Illinois, at U.S. Small Business Administration ay nasa mga sentro upang tulungan ang mga nakaligtas na mag-apply para sa pederal na tulong sa kalamidad, mag-upload ng mga dokumento, sagutin ang kanilang mga tanong nang personal, makakuha ng iba pang uri ng tulong na maaaring available, at matuto ng mga paraan upang gawing mas matatag laban sa kalamidad ang kanilang ari-arian.

Ang mga sentro ay magbubukas sa mga sumusunod na lokasyon, araw, at oras:

Kampus ng Hustisya at Pagpapaunlad ng Manggagawa ng Southwestern Illinois

2300 W. Main Street
Suite M117 (City of Belleville Office Bldg.)
Belleville, IL 62226
Oras: Lunes – Linggo, 8 a.m. – 7 p.m.

Sentro ng Kalusugan at Pamayanan ng Cahokia Heights

509 Camp Jackson Road
Cahokia Heights, IL 62207
Oras: Lunes – Linggo, 8 a.m. – 7 p.m.

Magbubukas pa ng karagdagang mga sentro ng pagbangon sa iba pang mga apektadong county sa lalong madaling panahon. Upang mahanap ang pinakamalapit na sentro sa iyo, bisitahin ang [FEMA.gov/DRC](https://www.fema.gov/DRC). Maaaring bumisita ang mga nakaligtas sa alinmang sentro para sa tulong.



FEMA

Page 1 of 2

Ang tulong sa mga wika bukod sa Ingles, kabilang ang American Sign Language, at mga isinaling materyales ay available sa mga sentrong ito. Pinipili ang mga lokasyon ng Sentro ng Pagbangon mula sa Sakuna (Disaster Recovery Center) para sa kanilang pagiging madaling ma-access, na may layuning maabot ang mas maraming tao hanggang posible. Ang mga espasyo para sa accessible na paradahan ay available sa lahat ng sentro.

Ang mga nakaligtas ay hindi kailangang bumisita sa Sentro ng Pagbangon mula sa Sakuna upang mag-apply para sa tulong mula sa FEMA. Upang mag-apply nang hindi bumibisita sa isang sentro, pumunta online sa DisasterAssistance.gov, i-download ang [FEMA mobile app](#), o tumawag sa FEMA Helpline sa 800-621-3362. Kung gumagamit ka ng relay service tulad ng video relay service, captioned telephone service, o iba pa, ibigay sa FEMA ang iyong numero para sa serbisyong iyon kapag nag-apply ka.

Para sa higit pang impormasyon tungkol sa operasyon sa pagpapagaling ng kalamidad sa Illinois, bisitahin ang www.fema.gov/disaster/4819.



FEMA